



CAMEO 4

Gabay sa Paggamit



Mga Nilalaman

Ano ang nasa Kahon?	1
Alisin ang Packaging mula sa Makina	2
Irehistro ang Iyong Makina	3
I-download at I-install ang Silhouette Studio®	4
Kunin ang Libre Mong 1-Buwan na Basikong Subskripsyon	5
Iakses ang 100 Libreng Disenyo sa Iyong Library.....	6
Ikonekta ang Cameo 4	6
Mag-navigate sa Silhouette Studio®	7
Mga Tab sa Pag-navigate.....	8
Lugar ng Pagdisenyo.....	9
Mga Panel	9
Mga Drawing Tool	10
Mga Simpleng Hugis	10
Teksto	11
Library.....	12
Mag-sign In	12
Ayusin ang Iyong Library.....	13
Maghanap ng mga Disenyo sa Library.....	14
Gumamit ng mga Disenyo mula sa Library	14
Ipakita ang Library Split Screen	15
Silhouette Design Store	16
Mag-download ng mga Disenyo.....	17
Send Panel	18
Ihanda ang Cameo 4.....	19
Ilagay ang Materyal sa Cutting Mat	19
Buksan ang Cameo	19
I-load ang Tool	20
I-adjust ang mga Roller	22
I-load ang Materyal.....	23
Mag-cut ng Disenyo	24
Mag-cut nang walang Mat (Kiss-cut)	25
Mag-cut nang walang Mat (Pop-out Cut).....	29
Ikansela ang Cut.....	29
Bluetooth® Connectivity	30
Saan Makahahanap ng Karagdagang Impormasyon	30

Ano ang nasa Kahon?

Kasama ng Silhouette Cameo® ang mga item na nasa sumusunod na listahan. Tingnan kung naisama ang lahat ng mga item bago ka magpatuloy sa paggamit ng makina. Kung kulang ang anumang mga item na nakalista sa ibaba, mangyaring makipag-ugnayan sa support@silhouetteamerica.com.


Silhouette Cameo®
desktop cutting machine




A/C adapter at
power cable




USB cable




12-pulgadang cutting mat



AutoBlade
para sa Cameo 4



Handheld
blade adjuster



Mga tool
adapter

Alisin ang Packaging mula sa Makina

Mayroong mga mahabang piraso ng tape, cardboard, at foam upang mapapirmi ang mga gumagalaw na bahagi ng Cameo sa panahon ng pagpapadala at maiwasan ang anumang pinsala sa makina.


Kunin ang Silhouette Cameo® mula sa kahon at alisin ang mga mahabang piraso ng tape na pumipirmi sa takip at anumang mga piraso ng makina.

Alisin ang tatlong tab na pumipirmi sa malinaw na mga plastik na takip sa harapan ng makina; aalisin mo ang dalawang piraso sa mga panel sa gilid at ang piraso sa itaas ng makina.

Pagkatapos, iangat ang takip at i-slide ito pabalik. Alisin ang tape, ang pinasok na cardboard, at anumang mga piraso ng foam na nakikita mo rito.




Huwag kalimutang tanggalin ang mahabang piraso ng tape sa likod ng makina na pumipirmi sa crosscutter.



Irehistro ang Iyong Makina

Pumunta sa SilhouetteAmerica.com/setup upang dumaan sa lahat ng mga tamang hakbang upang mai-set up ang iyong makina. Ang unang dapat gawin ay lumikha ng isang Silhouette account, kung kinakailangan, at irehistro ang iyong makina. Ang pagkumpleto ng hakbang na ito ang magpapahintulot sa iyo na maakses ang iyong 100 libreng disenyo sa iyong Silhouette Library.



SIGN IN

email


password

[Sign In](#)

Don't have an account? [Sign up FREE](#)

[Forgot password?](#)

Kung mayroon kang account, ilagay ang iyong mga kredensyal sa pag-login at i-click ang "Mag-sign In."



CREATE A FREE ACCOUNT

In order to access all of the features of this website and purchase Silhouette products*, you'll need to create a FREE Silhouette account.

Your Silhouette account can also be used to:

- Register your Silhouette tools
- Apply software license keys onto your account
- Access your Silhouette library on your various devices
- Access the [Silhouette Design Store](#) where a large variety of download content is available, including fonts, printed patterns, files for cutting, files for building 3D models, and more!

* Shipping for products purchased through SilhouetteAmerica.com only available to U.S. and Canada.

New Account Information

Name:

Email:

Password:

Confirm Password:

Language:

Currency:

☒ Send me newsletters about Silhouette products and information

☐ I agree to the [privacy policy](#)


☐ I agree to the [terms and conditions](#)

☐ I am over the age of 13

☐ I'm not a robot 

[CREATE ACCOUNT](#)

Kung wala kang Silhouette account, i-click ang link na "Mag-sign Up nang LIBRE." Punan ang iyong impormasyon. Kapag natapos ka na, i-click ang "Lumikha ng Account" na button.



SILHOUETTE MACHINE SETUP

Please enter your machine's serial number and purchase information.

Serial Number:

Purchase Date:

Store Name:


Store Country:

[CONTINUE](#)

Can't find the serial number on your machine?

- If you have a cutting machine (Cameo, Portrait, or Curio model), the serial number will be found on the back of the machine on the left-hand side. [\[see example\]](#)
- If you have a 3D printer (Jita model), the serial number will be found on the underside of the base of the machine. [\[see example\]](#)
- If you have a stamp machine (Mini model), the serial number will be found on the underside of the base of the machine. [\[see example\]](#)

Pagkatapos, ilalagay mo ang iyong address. Matapos isumite ang impormasyong iyon, makikita mo ang screen na ito na gagamitin mo upang irehistro ang iyong makina. Ilalagay mo ang serial number ng iyong makina. Maaari mong mahanap ang impormasyong iyon sa isang sticker sa likod ng iyong makina sa kanang bahagi. Ilalagay mo rin ang petsa ng pagbili at kung saan mo ito binili.



SILHOUETTE MACHINE SETUP

Congratulations! Your Silhouette Cameo® 4 is now registered.

Warranty Information

The Silhouette hardware has a one-year limited warranty*. The hardware warranty specifically covers issues relating to the Silhouette machine, power cord and adapter, and/or USB cord. If through the process of supporting a reported issue Silhouette America® determines any of these hardware components are faulty within the first year the Silhouette is owned from the original purchase date and as the machine is registered, Silhouette America® can then have any one or all of these components repaired. Hardware issues should be very rare. Generally issues experienced with the Silhouette are related to the software or improper operation. Please contact the Silhouette Support Team as you may have any concerns to further troubleshoot this issue and to confirm the source of the problem.

* This warranty applies to US and Canadian customers only. For warranty information regarding machines purchased in territories outside of the US and Canada, please contact the original retail location of purchase.

[View Full Warranty](#)

[CONTINUE TO NEXT STEP](#)

Binibigay sa iyo ng susunod na seksyon and iyong impormasyon sa warranty, kung naaangkop ito. Matapos mong dumaan sa proseso ng pagrehistrong ito, maaari kang magpatuloy sa pag-setup ng iyong makina.

I-download at I-install ang Silhouette Studio®

Pumunta sa ika-2 hakbang sa [SilhouetteAmerica.com/setup](https://silhouetteamerica.com/setup) upang i-download ang pinakabagong bersyon ng Silhouette Studio®. Mag-click sa iyong operating system (Mac o Windows) at sundin ang mga prompt sa iyong kompyuter upang matapos ang pag-install.

Kinakailangan ang software upang patakbuhan ang iyong Cameo cutting machine, kaya huwag kalimutan ang hakbang na ito!

SILHOUETTE MACHINE SETUP

Please follow the steps below to set up your new Silhouette Cameo® 4

STEP 1: Setup machine

STEP 2: Download & Install software

STEP 3: Get your FREE content

STEP 4: Learn to use your Silhouette

STEP 2: Download & Install Software

a. Download the Silhouette Studio® software
Click on your computer type below to begin downloading the software:

MAC (64-bit)

WINDOWS (64-bit)

WINDOWS (32-bit)

NOTE: If you already have the Silhouette Studio® software installed from a previous Silhouette machine, it is recommended to update the software to the latest version provided here.

b. Install the Silhouette Studio® software
Once the download is finished, select to RUN the software set up and select the default installation options provided.

You may launch the software after installation is complete. You may launch the software at any time from the desktop icon created:

c. Install the Silhouette Studio® software
After installation is complete, launch the software from the desktop icon created:



Silhouette Studio

d. Connect the Silhouette Cameo® 4

Matututunan mo ang higit pa tungkol sa kung paano gamitin ang Silhouette Studio® software kalaunan sa gabay. Sa ngayon, tapusin muna ang proseso ng pag-setup ng makina.

Kunin ang Libre Mong 1-Buwan na Basikong Subskripsyon


Kapag narehistro mo na ang iyong Silhouette na makina, kwalipikado kang makatanggap ng libreng 1-buwang subskripsyon sa Silhouette Design Store.

Sa pamamagitan ng isang subskripsyon, makakukuha ka ng tiyak na bilang ng mga kredito bawat buwan upang bumili ng mga disenyo. Ang bilang ng mga kredito na makukuha mo ay nakadepende sa tier ng subskripsyon na mayroon ka. Ang subskripsyon na sisimulan mo ay ang Basikong tier na nangangahulugang makakukuha ka ng \$25 na mga kredito para sa buwan.

Upang makuha ang iyong libreng 1-buwang subskripsyon, magsimula sa pagpunta sa Silhouette Design Store. Maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng pagbukas ng isang web browser at pagpunta sa [SilhouetteDesignStore.com](https://silhouettedesignstore.com) o ng pag-click sa STORE button sa Silhouette Studio® (matatagpuan sa itaas na kanang sulok ng software).

Mag-sign in sa iyong Silhouette account sa Design Store. Ito ay parehong impormasyon ng account na ginamit mo nang nirehistro mo ang iyong makina. Upang mag-sign in sa iyong account, i-click ang Mag-sign In na matatagpuan sa itaas na kanang sulok. Ilagay ang iyong email address at password at i-click ang Mag-sign In.

Sa unang pagbisita mo sa Design Store pagkatapos ng pagrehistro ng iyong makinang Silhouette, dapat kang awtomatikong mai-redirect sa pahina ng pagtubos ng Pagsubok na Subskripsyon sa silhouettedesignstore.com/trial-subscription.



Kapag nailagay mo na ang iyong impormasyon, pumunta sa susunod na hakbang upang Suriin at Kumpirmahin ang iyong subskripsyon.

Tandaan: Kung mayroon ka nang isang aktibong subskripsyon sa Design Store, isang kreditong katumbas ng halaga ng Pagsubok na Subskripsyon ang idaragdag sa magagamit na balanse ng account mo.

Iakses ang 100 Libreng Disenyo sa Iyong Library

Matapos mong marehistro ang iyong Cameo 4, maaakses mo ang 100 libreng eksklusibong disenyo na kasama ng iyong makina.


Upang makita ang iyong mga libreng disenyo, pumunta sa Library tab sa Silhouette Studio®. Ipo-prompt ka ng software na mag-sign in sa iyong Silhouette account kung hindi mo pa nagagawa ito. Pagkatapos, pumunta sa mga folder sa kaliwang bahagi. I-click ang "Libre kasama ng Makina" at pagkatapos ang "Silhouette Cameo® 4."

TANDAAN: Kung hindi lumitaw ang espesyal na libreng nilalaman para sa Silhouette Cameo® 4, mangyaring lumabas ng software at kumpirmahin ang iyong pagrehistro ng Silhouette Cameo® 4. Maaari mong buksan muli ang software upang mahanap ang nilalaman. Kung natutugunan ang patuloy na mga alalahanin, mangyaring makipag-ugnayan sa support@silhouetteamerica.com

TANDAAN: Bagama't kailangan mong kumonekta sa Internet para sa paunang pag-setup, maaaring maakses at magamit nang offline ang lahat ng nilalaman sa Silhouette Library. Ang karanasan sa Silhouette Library, kasama ang nilalaman at istruktura ng library, ay naka-sync sa lahat ng mga device kung saan ka nagsa-sign in.


Ikonekta ang Cameo 4

Ikonekta ang Silhouette Cameo® sa power supply. Magsimula sa pamamagitan ng pagkonekta sa cable at adapter at pag-plug ng cable sa makinang Cameo. I-plug ang power cord sa isang saksakan sa dingding.



Pagkatapos, ikonekta ang iyong makina sa iyong kompyuter gamit ang USB cable. Pagkatapos, pindutin ang pabilog na power button upang buksan ang iyong makina.

Kung hindi mo pa nagawa ito, buksan ang Silhouette Studio®. Pumunta sa Send tab (matatagpuan sa itaas na kanang sulok ng software) upang buksan ang Send panel. Iberipika na nakakonekta ang iyong makina at nagpapakita ng "Ready" na status.



Maaaring kailanganin mong i-click ang icon ng makina at piliin ang iyong makina upang makakonekta ito nang maayos.


Mag-navigate sa Silhouette Studio®



Ngayong na-download mo na ang Silhouette Studio®, oras na upang matutunan kung paano gamitin ito. Upang buksan ang Silhouette Studio®, hanapin ang icon ng Silhouette Studio® sa desktop o sa Start Menu sa iyong PC o sa folder ng Mga Application sa iyong Mac. I-double-click ang icon upang patakbuhan ang application.

Kapag na-load na ang Silhouette Studio®, mapapansin mo ang isang blangkong lugar ng pagdidisenyong 12-pulgada-por-12-pulgada sa iyong screen pati na rin ang mga tool na nakapaligid sa lugar na iyon.

Sa gabay na ito, matututunan mo ang mga basikong kaalaman sa kung paano gamitin ang software. Kung nais mong matuto nang higit pa, maaari mong maakses ang gabay sa Silhouette Studio® software. Maaari mong mahanap ang gabay sa SilhouetteAmerica.com/setup sa ilalim ng Ika-6 na Hakbang o sa Silhouette101.com.




Overview ng Lugar ng Trabaho

1. Mga Document Tool—Mga tool na kailangan mo upang i-adjust ang iyong dokumento o pumili ng mga bagay sa iyong dokumento.
2. Quick-access Toolbar—Ang mga tool na ito na lumilitaw ay espesipiko sa gawain mo upang makatulong na gawing mas madali ang mga pag-a-adjust.
3. Mga Drawing Tool—Ang mga drawing tool ang gagamitin mo upang makalikha ng mga hugis at magdagdag ng teksto sa lugar ng pagdisenyo.
4. Library Split Screen—Pinapayagan ka ng button na ito na makalikha ng library/design space split screen.
5. Mga Document Tab—Ang mga tab na ito ang gagamitin mo upang lumipat sa pagitan ng mga dokumentong binuksan mo.
6. Holding Area (Kulay-abo)—Maaaring gamitin ang holding area upang paglagyan ng mga disenyo kung binabago mo ang ayos ng espasyo mo sa pagdidisenyo. Hindi ika-cut o ipi-print ang mga disenyo ng naiwan sa lugar na ito.
7. Active Cut Area—Dito ka lilikha at maglalagay ng mga disenyo mo. Maaaring i-cut o i-print ang anumang bagay na naiwan sa lugar na ito.
8. Mga Navigation Tab—Dadalhin ka ng mga tab na ito sa ilang mga lugar sa software.
9. Mga Silhouette Studio® Tool—May iba't ibang mga punsyon ang mga Silhouette Studio® tool na magagamit mo upang ma-adjust ang mga disenyo mo.
10. Mga Panel—Dito nagpa-pop up ang mga panel para sa mga Silhouette Studio® tool upang bigyan ka ng higit pang mga opsyon.
11. Mga Preperensya at Tema—Pinapayagan ka ng mga opsyong ito na ma-adjust ang mga preperensya at setting mo para sa Silhouette Studio®.


Mga Tab sa Pag-navigate

Mayroong apat na tab sa itaas na kanang bahagi:




Disenyo

Ang lugar ng pagdisenyong ito ang lugar ng trabaho mo upang lumikha ng mga proyekto. Taglay ng lugar na ito ang mga toolbar, ang puting pahina ng pagdisenyo, at ang kulay-abo na holding area. Kapag nasa Library ka, sa Silhouette Design Store, o sa Send menu, i-click ang Design tab upang bumalik sa pahina ng pagdisenyo mo.




Store

Kapag nakakonekta ka na sa Internet, bubuksan ng Store tab ang isang browser window at dadalhin ka sa Silhouette Design Store, kung saan maaari kang mag-browse at bumili ng mga disenyo.



Library

Maaari mong maakses ang iyong mga nakaimbak na disenyo mula sa Library tab. Ayusin at organisahin ang iyong mga disenyo sa anumang paraang ninanais mo sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga folder at mga subfolder. Maaaring maimbak ang mga disenyo sa iyong kompyuter o sa Silhouette Library.



Send

Pinapayagan ka ng Send tab na i-adjust ang mga cut setting para sa iyong mga disenyo at ipadala ang mga ito sa iyong Silhouette. Gumagana ang menu na ito tulad ng Send to Print menu sa iba pang mga program.

Lugar ng Pagdisenyo

Ang lugar ng Pagdisenyo ang unang lugar na makikita mo kapag binuksan mo ang Silhouette Studio®, at ito ang lugar kung saan malamang ay gugugulin mo ang pinakamaraming oras, kaya mahalagang matutunan mo kung paano gamitin ito upang lumikha ng mga disenyo mo.

Mga Panel

Binubuksan ng bawat Silhouette Studio® Tool icon ang sarili nitong panel. Bumubukas ang mga panel sa kanang bahagi ng espasyo ng pagdisenyo, sa tabi ng mga icon ng mga Silhouette Tool. Ang panel na default na bumubukas ay ang Page Setup panel, na pinapayagan kang gumawa ng mga pag-a-adjust sa espasyo ng pagdisenyo, tulad ng makina, laki ng pahina, at laki ng materyal (o media) na nanaisin mo para sa pagtatrabaho.

Maaari kang magbukas ng mga panel nang paisa-isa o gumamit ng maraming panel nang sabay-sabay. Upang gumamit ng maraming panel, i-click at i-drag ang name bar upang mailpat ito sa bagong lokasyon, at pagkatapos ay i-click ang isa pang icon upang buksan ang susunod na panel. Maaari kang magbukas ng kasinraming panel na nanaisin mo, at maaari mong ilipat ang mga ito kahit saan sa iyong screen ng pagdisenyo.

Mga Collapsing Panel

Maaaring i-collapse ang mga panel sa pamamagitan ng pag-click sa arrow sa kaliwang bahagi ng panel. I-collapse, ilipat, at muling ayusin ang mga panel upang i-set up ang iyong screen nang eksaktong ayon sa gusto mo. Kapag nagsasara ka ng mga panel, aakyat ang mga nasa ilalim upang punan ang kanilang lugar.

Mga Sticky Panel

Dumidikit ang mga panel, na nangangahulugang kumakapit sila sa tuktok ng lugar ng pagdisenyo o sa isa't isa. Ngunit hindi kailangang dumikit ng mga panel sa isa't isa. Maaari mong ilipat ang mga grupo ng panel o mga indibidwal na panel kahit saan sa iyong screen. Depende sa iyong proyekto, maaaring gustuhin mong magbukas ng maraming panel upang magsagawa ng mga pag-a-adjust gamit ang iba't ibang mga tool, o maaaring gustuhin mo lamang magbukas ng panel nang paisa-isa.



Mga Panel na Nagtataglay ng Maraming Icon

May ilang mga panel na may isang icon lamang tulad ng PixScan™ o Offset. Binubuo ang ibang mga panel ng grupo ng magkakaugnay na mga icon. Magagamit ang mga icon na ito sa loob ng panel sa pamamagitan ng magkakahiwalay na mga tab. Halimbawa, napapaloob sa panel ng Transform ang Align, Scale, Rotate, Move, at kung mayroon kang Designer Edition, ang mga Shear na icon.

Panel Mode


Maaari mong i-customize ang panel mode sa panel ng Mga Preperensya. Sa ilalim ng Mga Default, maaari mong piliin kung paano magbubukas ang mga panel mo.

- ▶ Single Panel Mode: Paisa-isa lamang na panel ang maaaring buksan. Kung mayroon kang isang nakabukas na panel at mag-click ka ng isa pang icon, magbubukas ang bagong panel kapalit ng panel na nauna nang nakabukas.
- ▶ Flexible Panel Mode: Default. Katulad ng Single Panel Mode, papalitan ng Flexible ang panel na nasa default na lokasyon ngunit hindi nito papalitan ang panel na inilipat mo.
- ▶ Multiple Panel Mode: Magbubukas ang lahat ng bagong panel, gaano man karaming panel ang nakabukas na.



Mga Drawing Tool

Taglay ng toolbar na nasa kaliwang bahagi ng software ang mga tool na kinakailangan upang lumikha at baguhin ang mga basikong hugis at teksto.



Tandaan: Kung mayroon kang iba pang mga edisyon ng Silhouette Studio® (hal. Silhouette Studio® Designer Edition), maaari kang makakita ng mas marami pang mga drawing tool kaysa sa nakikita mong nakalista rito. Maaari kang matuto nang higit pa tungkol sa mga tool na iyon sa gabay sa Silhouette Studio® software.

Mga Simpleng Hugis


Mga Linya

- Upang gumuhit ng linya, piliin ang Line Tool sa kaliwang toolbar. Mag-click at mag-drag gamit ang mouse upang gumuhit ng linya, o mag-click nang isang beses upang simulan ang linya at mag-click nang pangalawang beses upang tapusin ito.
- ▶ I-hold ang SHIFT habang lumilikha ng linya upang makagawa ng perpektong patayo, pahalang, o 45° linya.

Mga Parihaba/Parisukat

Upang gumuhit ng parihaba, piliin ang Rectangle Tool mula sa kaliwang toolbar. Mag-click at mag-drag gamit ang mouse upang gumuhit ng parihaba, o mag-click nang isang beses upang magtakda ng isang sulok at mag-click nang pangalawang beses upang itakda ang kabilang sulok.


- ▶ I-hold ang SHIFT habang lumilikha ng parihaba upang makagawa ng isang perpektong parisukat.
- ▶ I-hold ang ALT (OPTION sa Mac®) upang gumuhit ng parihaba mula sa gitna sa halip na mula sa isang sulok.
- ▶ I-hold ang SHIFT + ALT (SHIFT + OPTION sa Mac®) upang gumuhit ng isang perpektong parisukat na nakasentro sa orihinal mong pag-click.



Freehand


Upang gumuhit gamit ang Freehand tool, i-click ang tool mula sa kaliwang toolbar. Maaari mong piliin ang normal na Freehand tool o ang Smooth Freehand tool. Upang gumuhit, i-click at i-drag ang hugis na nais mong ilikha sa iyong lugar ng pagdisenyo.

- Upang i-adjust ang hugis na nilikha mo, maaari mong gamitin ang Edit Points tool. Gamit ang tool na ito, makikita ang mga tuldok ng isang hugis at pinapayagan ka nitong ilipat ang mga ito.



Teksto

Upang i-cut ang mga titik o salita gamit ang anumang font sa iyong kompyuter, piliin ang Text tool mula sa toolbar na nasa kaliwang bahagi ng screen. Kapag napili ang Text tool, mag-click saanman sa pahina at magsimulang mag-type. Magiging default ang font, ngunit madali mong mababago ito sa Text Style panel na magpa-pop up.



Matapos mag-click sa pahina gamit ang Text tool, lilitaw ang isang blinking cursor. Simulan ang pag-type ng anumang mga titik, salita, o pariralang pinili mo.

Habang nagta-type o nag-e-edit ka ng teksto, lilitaw ang Text Style Panel sa kanang bahagi ng screen. Sa panel na ito, maaari mong baguhin ang font, laki ng teksto, weight, justification, spacing ng mga character, at spacing ng mga linya. Gamitin ang mouse upang i-highlight ang iyong teksto bago gumawa ng mga pag-a-adjust sa font, laki, weight, atbp.

Upang matapos ang pag-type ng iyong teksto, mag-click sa kahit saan sa labas ng pahina. Tatapusin nito ang text-editing mode at idi-deselect ang teksto. Kung kailangan mong baguhin ang teksto, i-double-click ang teksto sa pahina gamit ang Select Tool (matatagpuan sa kaliwang toolbar).


- ▶ Upang ilipat ang iyong teksto saanman sa pahina, i-click at i-drag ito sa bagong lokasyon.
- ▶ Upang baguhin ang laki ng iyong teksto, piliin ang teksto at pagkatapos ay i-click at i-drag ang isa sa mga control handle sa sulok.
- ▶ Upang paikutin ang iyong teksto, piliin ang teksto at pagkatapos ay i-click at i-drag ang berdeng bilog na ipinapakita sa itaas ng bagay.

Library


Mag-sign In

Sa Library ka makahahanap ng anumang mga disenyong nakuha mo mula sa Silhouette Design Store. Maaari mo ring mai-save ang iyong sariling mga disenyo sa iyong Silhouette Library.

Kapag nag-click ka sa Library tab, maaaring hilingin sa iyo na mag-sign in sa iyong Silhouette account kung hindi mo pa nagawa ito. Ilagay ang iyong email address at password at i-click ang "Mag-sign In." Kung wala ka pang Silhouette account, maaari mong i-click ang link na "Mag-sign up nang LIBRE."




Kapag nag-sign in ka na, makikita mo ang mga folder sa kaliwa at mga disenyo sa kanan. Kung wala ka pang anumang disenyo, huwag mag-alala! May maraming oras pa upang magdagdag ng mga disenyo sa ibang pagkakataon.



Ayusin ang Iyong Library

Maaari mong organisahin ang iyong mga disenyo sa loob ng iyong Library sa pamamagitan ng paglikha ng mga bagong folder para sa iyong mga disenyo.


I-drag ang anumang disenyo mula sa kanang window papunta sa iyong bagong nilikhang folder sa panel ng mga Folder sa kaliwa. Ang mga numerong nasa mga bilog sa tabi ng bawat folder ay nagpapahiwatig kung gaano karaming mga disenyo ang nakapaloob sa bawat folder.



Kapag bumili ka ng mga disenyo mula sa Silhouette Design Store, lilitaw ang mga disenyong iyon sa iyong Kamakailang mga Pag-download. Mula roon, maaari mong ilipat ang mga disenyo sa iba't ibang mga folder.


Upang magdagdag ng mga folder sa iyong library, mag-click sa folder ng Mga Disenyo. Mag-right-click sa anumang walang laman na espasyo sa folder at pillin ang "Bagong Folder." Magpa-pop up ang isang bagong folder na tinatawag na "Untitled Folder," ngunit maaari mo itong palitan ng pangalan.

Patuloy na magdagdag ng mga folder at subfolder gamit ang parehong pamamaraan.



Maghanap ng mga Disenyo sa Library

Ang mga disenyong binili mo mula sa Silhouette Design Store ay may ilang mga keyword na nauugnay sa kanila, at pinasisimple nito ang paghahanap ng isang espesipikong disenyo. Kung nais mong maghanap ng isang disenyo, buksan ang iyong library sa pamamagitan ng pag-click sa Library tab. Pumunta sa search box sa itaas na kanang bahagi at i-type ang iyong keyword.




Gumamit ng mga Disenyo mula sa Library

Kapag nakakita ka ng isang disenyong nais mong gamitin, i-double-click ang disenyo upang ilagay ito sa iyong pahina. Maaari mo ring i-right-click ang disenyo at piliin ang "Buksan ang [file name]." Awtomatiko nitong isasara ang library at dadalhin ka sa pahina ng pagdisenyo. Madaling mabuksan muli ang library sa pamamagitan ng pag-click sa Library tab.


Upang isara ang library nang walang pag-paste ng disenyo, i-click ang Design tab upang bumalik sa lugar ng pagdisenyo o ang Store tab upang maghanap ng higit pang mga disenyo.

Ipakita ang Library Split Screen

Upang tingnan ang iyong espasyo ng pagdisenyo at ang iyong Silhouette Library nang sabay, maaari mong gamitin ang Library Split Screen feature. Upang i-split ang screen, dapat kang pumunta sa screen ng Pagdisenyo. Pumunta sa ibabang kaliwang bahagi ng screen at i-click ang folder na may paibabang arrow (kilala rin bilang Library icon) o i-click ang tatsulok na tumuturo pakanan. Bubuksan nito ang split screen.



Kapag nakabukas na ang iyong split screen, maaari kang mag-navigate sa iyong mga library folder upang mahanap ang tamang disenyo na nais mong idagdag sa pahina ng pagdisenyo. Maaari mong i-double-click ang disenyo o i-click at i-drag ang disenyo upang ilagay ito sa pahina ng pagdisenyo.




Kapag tapos ka na sa split screen, maaari mong i-click ang parehong library icon sa gitna ng split screen upang maitago muli ang bahagi ng library.

Silhouette Design Store

Naglalaman ang Silhouette Design Store ng mahigit sa 170,000 disenyo, kabilang ang mga simpleng cutout, mga kumplikadong pattern at disenyo, mga font at parirala, mga 3D na disenyo, at higit pa, para mai-cut gamit ang iyong Silhouette na makina. 99¢ lamang ang karamihan sa mga disenyo. Mayroong mga regular na pagbentang nangyayari sa Design Store, at sa pangkalahatan ay may libreng disenyong pino-post bawat linggo.

Upang maakses ang Silhouette Design Store, i-click ang Store tab sa itaas na kanang sulok ng software. Bubuksan nito ang isang browser window at ina-navigate ka sa tindahan.


Ipakikita ang libreng disenyo para sa linggo sa pahina ng Mga Deal. Maaari mo ring tingnan ang iba pang mga deal, mga bagong disenyo, mga trending na disenyo, at marami pang iba.




Maghanap ng mga disenyo sa pamamagitan ng pag-input ng mga keyword sa search bar, o gamitin ang menu system upang maghanap ng mga disenyo sa isang tiyak na kategorya.

Mag-download ng mga Disenyo

Sa ngayon, subukang mag-download ng libreng disenyo sa pamamagitan ng pag-click sa libreng disenyo para sa linggong ito. Maaari mong mahanap ang Libreng Disenyo sa pahina ng Mga Deal sa ilalim ng "Libreng Disenyo."



Kapag nag-click ka ng disenyo, magpa-pop up ang isang window upang bigyan ka ng karagdagang impormasyon tungkol sa disenyong iyon. Makikita mo rito kung anong uri ng disenyo ito, anong uri ng file, at ang presyo.



Upang idagdag ang disenyo sa iyong shopping cart, i-click ang asul na cart icon. Pagkatapos, i-click ang arrow o i-click ang icon na nasa itaas na kanang sulok ng Design Store upang pumunta sa iyong shopping cart.

Dahil nagda-download ka ng libreng disenyo, \$0.00 dapat ang kabuuan ng shopping cart mo.

Kapag nasuri mo na ang iyong shopping cart, i-click ang Checkout button upang magpatuloy. Sa oras na ito, hihilingin sa iyo ng Design Store na mag-sign in bago i-download ang iyong disenyo.


Dapat ay nakalikha ka na ng isang Silhouette account, ngunit kung wala ka pa nito, ang paglikha ng bagong account ay tatagal lamang ng ilang segundo. I-click ang link na "Mag-sign up nang LIBRE" sa pahina ng pag-login upang lumikha ng bagong account.

Kapag nailikha na ang iyong account, kakailanganin mong maakses muli ang iyong shopping cart at subukang muli ang proseso ng pag-checkout. Hihilingin kang pagtibayin ang iyong password sa bawat pag-download mo ng mga disenyo.

Send Panel

Kapag na-click mo na ang Send tab, makikita mo ang isang ginawang kulay-abo na bersyon ng screen ng Pagdisenyo sa kaliwa at ang Send panel sa kanan. Pinapayagan ka ng Send panel na gumawa ng mga pag-a-adjust sa iyong mga cut setting upang maaari mong makamit ang perpektong cut.

Mayroong apat na aksyong maaari mong piliin sa Send tab: Simple, Line, Fill, at Layer.



Pinapayagan ka ng bawat aksyon na ma-adjust ang mga espesipikong cut setting. Kasindali ang pag-cut ng pagpili ng iyong materyal, iyong aksyon, at iyong tool sa Simple panel at pag-click sa "Send."

May dalawang bahagi ang Send screen: ang panel sa kanang bahagi at ang screen na nagpapakita ng iyong disenyo sa kaliwa. Kabilang sa panel na nasa kanang bahagi ang mga pang-aksyong tab pati na rin ang mga pang-aksyong opsyon. Kapag pumasok ka sa Send tab, magiging mas makapal at mas bold ang mga cut line sa iyong disenyo upang makita mo nang eksakto kung ano ang ika-cut ng iyong Silhouette.

Kung nais mong gumawa ng anumang mga pag-a-adjust sa iyong disenyo, dapat kang bumalik sa screen ng Pagdisenyo sa pamamagitan ng pag-click sa Design tab. Maaari mong ilipat ang iyong disenyo habang nasa Send tab ka, ngunit hindi ka maaaring gumawa ng anumang iba pang mga pag-a-adjust sa disenyo.


Ang unang opsyon sa panel ng Aksyon ay ang Simple tab. Dito ka maaaring pumili ng uri ng materyal, aksyong nais mong gampanan ng iyong Silhouette, anong uri ng blade ang ginagamit mo, anong mga linya ang nais mong i-cut, i-etch, i-score, i-emboss, o i-stipple.

Para sa higit pang mga advanced setting, maaari mong gamitin ang Line panel, Fill panel, o Layer panel. Gamit ang Line Panel o Fill panel, maaari mong italaga kung aling gawain ang gagampanan ng Silhouette alinsunod sa kulay ng linya o kulay na pang-fill ng imahe. Kung mayroon kang disenyong may maraming layer, maaari mong gamitin ang Layer panel upang piliin kung aling mga layer ang ika-cut.


Ihanda ang Cameo 4

Ilagay ang Materyal sa Cutting Mat

Alisin ang nonstick liner mula sa cutting mat. Masyadong madikit ang isang bagong mat sa simula. Upang maiwasan ang pinsala sa anumang mga materyales na inilagay mo sa iyong cutting mat, ilagay ang mat na nasa ilalim ang madikit na bahagi sa isang patag na hindi naglalabas ng sobrang lint tulad ng denim o microfiber. Gagawin nitong mas hindi madikit ang mat habang pinapayagan pa rin itong kumapit sa mga materyales nang hindi napipinsala ang mga ito.



Ipuwesto ang iyong papel o iba pang media sa cutting mat ayon sa ilustrasyon sa Silhouette Studio®.



Buksan ang Cameo

Buksan ang Silhouette Cameo® sa pamamagitan ng pagpindot sa power button at paghintay para magsimula ang makina. Upang ipasok ang cutting mat sa makina


- ▶ Itaas ang takip at i-slide ito pabalik.
- ▶ Ihanay ang kaliwang gilid ng mat sa kulay-abong alignment mark sa kaliwang bahagi ng makina.
- ▶ Diinan ang mat sa mga puting roller.
- ▶ Pindutin ang pataas na arrow sa touch panel upang mai-load ang iyong mat sa cutting position.

Kung hindi mo makita ang imahe ng cutting mat sa ilalim ng iyong dokumento sa screen, i-click ang Page Setup icon sa tuktok ng Silhouette toolbar sa kanang bahagi ng window. Sa ilalim ng seksyon ng Cutting Mat, piliin ang Cameo mat.

Ipuwesto ang iyong imahe sa screen kung saan mo nais na mag-cut ito sa mat. Siguraduhing mapanatili ang iyong disenyo sa loob ng mga pulang margin sa iyong pahina.

I-load ang Tool

Isang mahalagang hakbang ang pagpili ng tool o blade sa paghahanda ng iyong Silhouette sa pag-cut. Dahil may kasamang AutoBlade ang iyong makina, maaari mong ipasok iyon. Naa-adjust ang iba't ibang estilo ng blade gamit ang iba't ibang pamamaraan. Isasama ang mga tagubilin para sa pag-a-adjust ng mga alternatibong uri ng blade sa blade packaging.




Kung gumagamit ka ng AutoBlade, awtomatikong mag-a-adjust ang blade kapag ipinadala mo ang iyong disenyo upang i-cut. Upang i-adjust ang AutoBlade o anumang iba pang blade nang manu-mano, gamitin ang adjustment socket sa makina o ang handheld tool na kasama ng iyong makina. Marahang idiin ang blade pataas at pababa papasok sa adjustment socket hanggang nasa ninanais na setting na ang pulang indicator line.

Setting ng Blade	Materyal
1	Mga manipis na materyales tulad ng vinyl at makinis na heat transfer na materyal
2-3	Mga may katamtamang timbang na materyales tulad ng papel, cardstock, at flocked heat transfer na materyal
4-6	Mga mas makapal na materyales tulad ng naka-texture na cardstock at naka-pattern na mga papel
7-10	Mga makapal na materyales tulad ng kambas

Tandaan: Gumagana lamang ang AutoBlade, Ratchet Blade, Premium Blade, Fabric Blade, at mga Sketch Pen sa kaliwang tool holder o Tool Holder 1.

Naaangkop lamang ang mga blade setting sa itaas sa AutoBlade, Ratchet Blade, o Premium Blade. Sa lahat ng mga kaso, nagpapakita ang mas mataas na mga blade setting ng mas maraming bahagi ng blade at para ito sa pag-cut ng mas makapal na materyales. Sumangguni sa Silhouette Studio® para sa inirerekumendang mga blade setting para sa iba't ibang mga materyales.


Kapag hindi ka gumagamit ng iyong tool, maitatago mo ito sa tool holder sa kaliwang bahagi ng iyong makina. I-slide lamang ang takip sa kaliwa at ilagay ang iyong tool sa loob. Kapag natapos ka na, i-slide ang takip sa kanan upang isara ito.



Auto Tool Detection

Bago ang Auto Tool Detection sa Cameo 4. Pinapayagan ng feature na ito ang software upang tuklasin kung anong tool ang ipinasok sa makina, at awtomatikong tinitipon ng software ang mga pang-aksyong opsyon sa Send panel.

Magagamit lamang ang feature na ito sa Cameo 4 at mga Cameo 4 tool. Makakikita ka ng isang maliit na metal strip sa likod ng mga tool at tool adapter. Ito ang nagsasabi sa makina—at sa software din—kung anong tool ang nakapasok sa tool holder.



Mga tool adapter

Dahil ang katawan ng Cameo 4 tool holder ay bahagyang naiiba sa mga nakaraang bersyon ng Cameo, kasama ng Cameo 4 ang 4 na tool adapter na maaari mong gamitin upang magpasok ng mga tool sa Cameo 4:



Gamitin ang asul na tool adapter na may mga Silhouette Sketch Pen



Gamitin ang kulay-abo na tool adapter na may Deep-Cut Blade



Gamitin ang itim na tool adapter na may Standard (Ratchet) at Premium na mga Blade



Gamitin ang puting tool adapter na may 2mm Kraft Blade (nababagay sa nakaraang mga Silhouette na makina)


Dual Carriage Setup

Taglay ng Cameo ang isang dual-carriage upang hawakan ang dalawang magkakaibang tool nang sabay-sabay.

Pinapayagan ka nitong magsagawa ng iba't ibang mga aksyon gamit ang iba't ibang uri ng blade. Naka-label ang dalawang carriage bilang 1 (o Tool 1 sa kaliwang bahagi) at 2 (o Tool 2 sa kanang bahagi). Mayroong 1 o 2 ang mga blade ng Cameo 4. Ipinapahiwatig ng mga bilang na ito kung sa aling tool holder mo maaaring gamitin ang tool na iyon.

Kung gumagamit ka ng isang tool na may adapter, tulad ng ratchet blade para sa Cameo 3, maaaring magamit lamang ang tool na iyon sa 1 lugar.

Mga Lock at Unlock Tool





Una, i-unlock ang posisyon ng Tool 1 sa pamamagitan ng paghila sa lock lever. Ipasok ang AutoBlade (o alinmang tool o tool adapter na ginagamit mo) sa Tool Holder 1 at itulak muli ang locking mechanism pabalik sa lugar nito. Maaaring kapaki-pakinabang para sa iyo ang pagtulak sa tool paibaba habang itinutulak mo ang lock lever pabalik. Titiyakin nitong nai-lock ang tool nang maayos.

Gumagana ang mga lock lever sa parehong paraan para sa Tool Holder 1 at Tool Holder 2. Hindi rin mahalaga kung aling tool ang nakapasok; maila-lock ang bawat tool sa parehong paraan.

Kung nakikita mo ang solidong asul na kulay sa tabi ng numero ng tool, malalaman mong maayos na nai-lock ang tool.


I-adjust ang mga Roller

Sa pamamagitan ng pag-a-adjust ng mga roller sa pangunahing roller shaft, maaaring i-cut ng Silhouette Cameo® ang mga sumusunod na laki ng media: A4, letter, 12 inches, at 13 inches.




Hanapin ang release lever sa kanang bahagi at iikot ito pakanan.

⚠ Maaaring makaalis sa puwesto ang roller kung hindi naka-lock nang matatag.



Hawakan ang roller body at pindutin ang lock button.



Habang naka-hold ang lock button, i-slide ang roller papunta sa ninanais na posisyon. I-release ang button sa roller body at i-lock ang release lever sa pamamagitan ng pag-ikot nito pakaliwa.


I-load ang Materyal

Matapos mai-load ang materyal sa cutting mat o alam mo na kung anong materyal ang nais mong gamitin, oras na upang mai-load ang cutting mat o ang materyal sa makina.

TANDAAN: Napakahalaga na hinahawakan nang mahigpit ang mga materyales na hindi gumagamit ng cutting mat habang fini-feed ang mga ito sa makina para pantay na mahigpit ang pagkakahawak ng dalawang pinch roller sa materyal. Kung hindi, yuyuko ang materyal sa gitna, at hindi gagana nang mabuti ang kahihinatnang cut.

May dalawang magkaibang pamamaraan ng paglo-load. Sa parehong kaso, gugustuhin mong tiyakin na ia-adjust mo muna ang mga slider upang pinakamabuting tumugma sa materyal mo:

1. Galawin ang roller sa kanang bahagi upang tumugma sa lapad ng cutting mat o materyal mo.
2. I-adjust ang mga slider sa gitna upang pareho ang layo ng mga ito sa pagitan ng loading side sa kaliwa at ng slider sa kanang bahagi.



Ang unang pamamaraan ay isang delayed na paglo-load (inirerekumenda para sa mas malalaking lugar ng pag-cut):

1. Pindutin ang Load button sa Cameo. Magfa-flash ang Load button, na nagpapahiwatig na handa na itong i-load ang materyal.
2. Ihilera ang kaliwang gilid ng cutting mat o ni-roll na materyal sa kulay-abong linya sa harap ng tool carriage at kaliwang grip sa roller bar.
3. Pagkatapos ng ilang segundo, hahawakan ng makina ang cutting mat o materyal mo at ipoposisyon ito sa ilalim ng roller bar.

Ang pangalawang pamamaraan ay ang agarang paglo-load (inirerekumenda para sa mas maliliit na lugar ng pag-cut):

1. Ihilera ang kaliwang gilid ng cutting mat o materyal sa kulay-abong linya sa harap ng tool carriage at kaliwang grip sa roller bar.
2. Pindutin ang Load button sa Cameo. Hahawakan agad ng makina ang cutting mat o materyal mo at ipoposisyon ito sa ilalim ng roller bar.

Kung nais mong i-adjust ang panimulang cut point pagkatapos mong mai-load ang iyong materyal, maaari mong gamitin ang mga arrow sa control panel o sa Silhouette Studio® software.

Kapag nakumpleto na ang pag-cut mo, pindutin ang Unload button. Gagalawin ng mga roller ang cutting mat o materyal mula sa ilalim ng roller bar upang mapalabas ito.

Mag-cut ng Disenyo




Kapag napili na ang iyong disenyo, nai-load na ang materyal, at naihanda na ang makina, maaari mo nang gawin ang iyong unang pag-cut!

Bumalik sa Silhouette Studio® upang idagdag ang lahat ng kinakailangang impormasyong maaaring hindi mo pa nailagay. Narito ang kung ano ang maaari mong asahan mula sa bawat seksyon kapag nagka-cut ka gamit ang Simple action.


Sa parehong seksyon ng Tool 1 at Tool 2, makikita mo ang mga drop-down na opsyon para sa materyal, aksyon, at tool.

Una, piliin ang iyong materyal. Mahalagang maging tumpak sa iyong pagpili dahil naayos na ng Silhouette Studio® ang mga cut setting para sa bawat materyal. Kung kailangan mong gumawa ng mga pag-a-adjust, kailangan mong baguhin ang mga setting na ito. Kung kailangan mong magdagdag ng bagong materyal, maaari mong i-click ang "Magdagdag ng Bagong Uri ng Materyal" na button sa ibaba ng drop-down menu ng materyal at idagdag ang iyong sariling mga cut setting.

Pagkatapos, piliin ang tool o siguraduhing pinili ang tamang tool. Gamit ang Auto Tool Detection, dapat na awtomatikong matuklasan ng iyong makina kung aling tool ang nasa tool holder. Inilagay namin dito ang dalawang magkakaibang tool sa Cameo 4—ang AutoBlade at ang Sketch Pen tool adapter.



Ngayon, handa ka nang i-click ang Send button at panoorin ang iyong Silhouette sa tumpak na pag-cut nito sa iyong disenyo!



Kung kailangan mo ng paalala tungkol sa kung ano ang kailangan mong gawin upang mag-cut out ng isang disenyo, maaari mong i-click ang graduation cap icon sa ibabang kaliwang sulok ng Send panel sa kaliwang bahagi ng Send button. Ipakikita nito sa iyo ang isang maikling slideshow ng mga hakbang na kailangan mong sundin.

Tool 1 at Tool 2

Di-tulad ng Cameo 3, nagsasagawa ang mga tool holder sa dual-carriage system ng iba't ibang punsyon ng pag-cut, kaya hindi mapagpapalit-palit ang mga tool. Narito ang mga nababagay na tool at punsyon para sa bawat tool holder:



	Tool	Auto Action
Tool 1	AutoBlade	Cut
	Ratchet Blade	Cut
	Deep Cut Blade	Cut
	Sketch Pen	Sketch
Tool 2	Kraft Blade	Cut
	Rotary Blade	Rotary Cut
	Punch Tool	Punch

Mag-cut nang walang Mat (Kiss-cut)

Ang kiss-cut ang ginagamit kapag gumagamit ka ng mga materyales ng pag-cut na may backing (sa ibang salita, vinyl, heat transfer, sticker sheet, atbp.). Kung nagsasagawa ka ng kiss-cut gamit ang Cameo 4, mayroong dalawang iba pang feature ang Cameo 4 na baka nanaisin mong gamitin: ang roll feeder at ang crosscutter.

Kung hindi mo nais gamitin ang roll feeder o crosscutter bilang bahagi ng pagsasagawa ng kiss-cut, may dalawang bagay kang kailangang gawin:

1. Pumunta sa Page Setup panel at palitan ang Cutting Mat sa "None."
2. Pumunta sa Send tab at piliin ang iyong materyal (tandaan na upang maisagawa ang ganitong uri ng cut, DAPAT may backing ang iyong materyal).



Pagkatapos mong magawa ang dalawang hakbang na ito, maaari kang magpatuloy sa iyong pag-cut.

Gamitin ang Roll Feeder

Matatagpuan ang built-in roll feeder sa loob ng isang tray sa harap ng Cameo 4. Upang mabuksan ang roll feeder, marahang i-slide ang buong tray palabas.


Tandaan: Kapag binuksan nang buo, nakalabas ang roll feeder tray nang mga 8 pulgada mula sa makina. Kung makita mong nakalabas lamang ang tray nang mga 4 o 5 pulgada, maaaring naipit ang tray at hindi nag-ii-slide palabas nang buo. Marahang ipagpatuloy ang paghila sa tray hanggang sa nakalabas na ito nang buo.



Buksan ang Roll Feeder

Kung nasa labas na ang buong tray, buksan ang nakapasok na piraso upang makita kung saan mo mailalagay ang roll feeder. Mayroong dalawang dulong piraso ring dapat mong itaas, at dito ilalagay ang iyong naka-roll na materyal. I-slide ang kanang dulong piraso upang tumugma sa lapad ng iyong materyal—9 pulgada man o 12 pulgada.


Ilagay ang iyong naka-roll na materyal sa roll feeder. Kunin ang dulong piraso at i-feed ito sa roll feeder slot. Pagkatapos ay i-feed ito sa iyong makina gamit ang Load button sa touch panel. Siguraduhing nafi-feed ang materyal nang deretso sa makina.





Kapag tapos ka nang gumamit ng roll feeder, alisin ang roll ng materyal, tupiin ang mga piraso pababa, at i-slide ang tray pabalik.

Gamitin ang Crosscutter

Kung gumagamit ka ng may linyang materyal sa isang roll nang walang cutting mat, maaari mong gamitin ang crosscutter sa likuran ng makina upang i-trim ang iyong proyekto matapos ang pag-cut nito. Naka-attach na ang crosscutter sa Cameo.



Siguraduhing i-set up ang mga bagay sa Silhouette Studio® upang ma-feed nang maayos ang iyong cut sa Cameo. Una, itakda ang iyong cutting mat sa "None" sa Page Setup panel. Pagkatapos, kapag pumunta ka sa Send tab bago mo ipadala ang iyong disenyo, i-click ang gear icon sa ibabang kanang sulok upang buksan ang mga advanced setting. Palitan ang Feed Option sa "Feed" at itakda kung gaano karaming materyal ang nais mong i-feed. Huwag kang mag-alala tungkol sa pagkuha ng eksaktong sukat dahil maaari mong magamit kahit kailan ang mga arrow sa touch panel ng iyong Cameo upang ma-adjust ang feed kung kinakailangan pagkatapos mong magawa ang iyong pag-cut. Pagkatapos, ipadala ang iyong disenyo sa iyong makina.



Upang magamit ang crosscutter, siguraduhing nafi-feed ang iyong disenyo sa likod ng iyong makina sa pagtatapos ng iyong pag-cut. I-release ang mga lock sa magkabilang bahagi sa tuktok ng crosscutter cartridge at ibaba ang crosscutter track. I-slide ang crosscutter sa buong track upang i-cut ang iyong materyal. Kung tapos ka na, siguraduhing nasa kahit aling panig ng track ang crosscutter, iangat ang track pabalik sa puwesto, at i-fasten ang parehong lock.


Palitan ang Crosscutter Cartridge

Kung mapurol na ang iyong crosscutter blade at kailangan mo nang palitan ito, mabilis mong magagawa ito sa pamamagitan ng pagtanggali at pagpalit sa crosscutter cartridge.

Upang tanggalin ang crosscutter cartridge, pindutin pababa ang itaas ng dalawang dulong lever nang sabay-sabay. Habang ginagawa iyon, hilahin palabas ang crosscutter cartridge. Ito ay ang mahabang pirasong ipinapakita sa ibaba.

Tandaan: Siguraduhing naka-lock ang posisyon ng crosscutter bago mo subukang alisin ang cartridge.

Upang maipasok ang crosscutter cartridge pabalik sa makina, ihanay ang mga paa sa ilalim ng crosscutter cartridge habang ang mga groove ay nasa ilalim ng pambungad ng crosscutter cartridge sa Cameo. Kapag natitiyak mong tama na ang pagkakahayan, itaas ang tuktok ng crosscutter cartridge at itulak ito papasok sa pambungad hanggang sa marinig mo itong mag-click sa tamang puwesto.




Mag-cut nang walang Mat (Pop-out Cut)

Ang pangalawang opsyon ng pag-cut nang walang mat ay bago sa Cameo 4! Sa kauna-unahang pagkakataon, mag-cut ng mga materyales tulad ng papel at cardstock nang walang cutting mat. Sa feature na ito, gagawa ng mga pag-cut ang Cameo ngunit pananatilihin nito ang materyal sa puwesto gamit ang mga perforation cut sa mga estratehikong lugar. Kapag tinanggal na ang materyal mula sa cutting machine, i-pop lamang ang ni-cut na disenyo mula sa papel.

Dahil sa isang channel na tumatakbo sa ilalim ng lugar ng blade, maaaring magsagawa ang Cameo 4 ng espesyal na pag-cut na aksyon, na nagka-cut sa kabuuan ng materyal kahit walang cutting mat. Ginagawa ito sa pamamagitan ng pag-angat sa blade nang maliliit na mga segment habang nagka-cut ito at nag-iiwan ng bahagi ng materyal na konektado sa buong pahina. Maaaring i-pop out ang nagreresultang cut job mula sa materyal sa sandaling makumpleto na ang pag-cut na aksyon.

1. Tiyaking mayroon kang nababagay na modelo ng Cameo (Cameo 4 lamang) at konektado ang iyong makina at naka-sync sa iyong software.
2. Sa loob ng Page Setup panel, piliin ang "None" mula sa cutting mat drop-down menu tulad ng ginawa natin sa opsyong Kiss-cut. Itakda ang laki ng iyong media sa eksaktong laki ng materyal na ginagamit mo.
3. Sa loob ng Send panel, piliin ang iyong uri ng materyal. Alam ng software kung awtomatikong pipiliin ang "Cut" o "Pop-out Cut" para sa aksyon batay sa iyong cutting mat at mga pagpipilian na materyal. Dapat gamitin ng papel at mga katulad na matigas na materyales na karaniwang nangangailangan ng mat upang ma-cut nang buo ang "Pop-out Cut" kapag wala kang mat na napili sa Page Setup panel.




Narito ang ilang mga bagay na dapat tandaan:

- ▶ Hindi inilaan ang Pop-out Cut mode para sa maninipis o nababaluktot na materyales tulad ng copy paper o tela.
- ▶ Maaari lamang gamitin ang Pop-out Cut feature sa linya ng makina ng Cameo 4 at sa Portrait 3. Kung gumagamit ka ng anumang mga nakaraang cutting model ng Silhouette (Cameo 3, Portrait 2, atbp.), kailangan mong gumamit ng cutting mat upang ma-cut out ang cardstock o iba pang mga de-papel na materyales.
- ▶ Tiyaking napili mo ang tamang mga cut setting bago i-cut out ang iyong disenyo sa pamamagitan ng pagsasagawa ng test cut.


Ikansela ang Cut

Kung kailangan mong kanselahin ang isang cut job na isinasagawa na, may tatlong magkakaaibang bagay na maaari mong gawin:

1. Piliin ang "Ikansela" sa Silhouette Studio®.
2. Pindutin ang pause button. Matapos ang ilang segundo, magfa-flash ang button para sa pag-unload ng cutting mat, na nagpapahiwatig na maaari mo nang tapusin ang gawain sa pamamagitan ng pag-unload ng cutting mat.
3. I-hold ang Pause button sa Cameo 4 na makina sa loob ng limang segundo. TANDAAN: Hindi awtomatikong naa-unload ng opsyong ito ang cutting mat o ang materyal.



Bluetooth® Connectivity



Nababagay ang Silhouette Cameo® 4 sa Bluetooth® at pinapayagan nito ang wireless na komunikasyon. Sa ganitong paraan, maaari mong ipadala ang mga disenyo mula sa Bluetooth®-enabled device papunta sa iyong Cameo 4 upang mag-cut nang hindi naka-plug ang iyong makina sa iyong kompyuter.

Upang makonekta ang iyong Bluetooth® enabled Cameo 4, tiyaking na-activate na ang Bluetooth® sa pamamagitan ng pagpindot sa Bluetooth® button sa iyong Cameo. Magiging asul ang backlight mula sa pagiging puti, na nagpapahiwatig na nakabukas na ito.

Sa Silhouette Studio®, pumunta sa Send tab. I-click ang Bluetooth® icon sa ibaba ng panel at piliin ang "Idagdag ang Bluetooth® na makina." Pagkatapos ng ilang segundo, magpapakita ang status ng Cameo bilang Ready sa Send panel, at kumpleto na ang pag-setup.

Saan Makahahanap ng Karagdagang Impormasyon

Kumpletong Gabay sa Software

Tingnan ang kumpleto at isinalarawang Gabay sa Paggamit sa loob ng Silhouette Studio® sa pamamagitan ng pag-click sa Tulong > Gabay sa Paggamit.

Website

Bisitahin ang seksyon ng mga tutorial ng [SilhouetteAmerica.com](https://www.silhouetteamerica.com) para sa tulong sa mga espesipikong feature at mga hakbang-hakbang na tagubilin kung paano i-cut ang iba't ibang mga uri ng media gamit ang Silhouette Cameo®.

Blog

Bisitahin ang opisyal na Silhouette blog sa [Silhouette101.com](https://www.silhouette101.com) para sa impormasyon tungkol sa iyong makina, mga tutorial at how-to, eBook, bidyo, at ideya ng mga bagong proyektong maililikha mo. Maraming mga blog post ang naglalaman ng mga hakbang-hakbang na tagubilin para sa mga advanced na paggamit ng mga Silhouette na produkto at software.

Newsletter

Mag-sign up para sa Silhouette newsletter sa [SilhouetteAmerica.com](https://www.silhouetteamerica.com) upang makatanggap ng mga update sa produkto at mga espesyal na alok sa pamamagitan ng email.

Serbisyo sa Kustomer

Kung mayroon kang mga karagdagang katanungan, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa serbisyo sa kustomer:

Silhouette America, Inc.

support@silhouetteamerica.com

<https://www.silhouetteamerica.com/contact>